Canadian HIV/AIDS Legal Network | Réseau juridique canadien VIH/sida

## Nabubuhay nang may HIV: Alamin ang Iyong mga Karapatan

# PAGKAPRIBADO AT MGA RECORD NG KALUSUGAN

## Mga Tanong at Sagot

### 1. Ano ang mga record ng kalusugan?

Ang mga record ng kalusugan ay ginawa ng mga propesyonal sa kalusugan (hal., mga doctor, nurse, dentista, psychiatrist) at mga pasilidad (hal., mga klinika, ospital) na naghahatid-serbisyo sa pangangalaga. Ang mga record mo ay naglalaman ng impormasyon sa kalusugan na nakolekta at itinago nila. Ang impormasyong ito ay iba-iba at maaaring magbilang ng impormasyong tungkol sa iyong pisikal o mental na kalusugan, pati na rin ang kasaysayan ng kalusugan ng iyong pamilya, mga kopya ng mga resulta ng pagsusuri sa iyo, mga reseta, mga tala ng doktor, o mga X-ray; impormasyong nauugnay sa mga pagbabayad o kwalipikasyon para sa insurance coverage; atbp.

Dahil sa paglabas ng mga bagong teknolohiya, ang iyong impormasyon ay mas madalas nang naitatago sa electronic na paraan ng iyong dokctor o ng mga pasilidad sa health care. Ang impormasyon ay maaari ring isama sa mga naka-centralize na database ng buong probinsya (minsan ay tinatawag na "Mga Electronic na Record ng Kalusugan" o Mga EHR), na maa-aacess ng maraming iba-ibang propesyonal sa kalusugan sa isang probinsya. Magkakaiba ang impormasyong kasama rito, depende sa probinsay/teritoryo, ngunit maaaring kasama rito ang mga resulta sa laboratory test, mga resetang gamot, mga pagbisita sa ospital, mga operasyon, mga allergy, atbp.

### 2. Protektado bang pagkakompidensyal ng ang record ng kalusugan?

Ang mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan, gayundin ang mga pasilidad (at iba pang nangangalaga ng impormasyon sa kalusugan) ay may legal na pananagutang panatilihin ang pagkakompidensyal at magsagawa ng mga hakbang upang ingatan ang iyong impormasyon sa kalusugan. Ito ay dapat ipatupad kung ang impormasyon mo man ay kasama sa kanilang papel o electronic na medikal na record. Ang pagpapanatili sa pagkakompidensyal ay pangunahin sa samahang may pagtitiwala sa pagitan ng doktor at pasyente. Ang mga propesyonal sa kalusugan ay may obligasyon ring panatilihing wasto ang iyong impormasyon, napapanahon at kumpleto, at na protektahan ito sa pagnanakaw, pagkawala o di-awtorisadong paggamit o pagsisiwalat.

Ngunit, hindi ganap ang karapatan sa pagkapribado at pagkakompidensyal. Sa bawat probinsya at teritoryo, maaaring magkaroon ng mga sitwasyon kung saan pinapahintulutan ng batas o hinihiling nito isiwalat ang iyong personal na impormasyon

nang walang pahintulot mo (tingnan sa ibaba). Maliban pa rito, kapag ang iyong impormasyon ay kasama sa isang naka-centralize na database (EHR), hindi na magagarantiya ng iyong doktor ang pagkakompidensyal ng impormasyong iyon. Panghuli, maaaring maging napakahirap ang ganap na maunawaan kung paano nakokolekta ang iyong impormasyon sa kalusugan, kung paano ito itinatago, ginagamit o naisisiwalat, lalo na kapag nakikihalubilo ka sa maraming iba-ibang propesyonal sa kalusugan habang ikaw ay nabubuhay. Hindi ka dapat mag-atubiling magtanong sa iyong mga propesyonal sa kalusugan at/o mga pasilidad sa kalusugan tungkol sa kanilang mga patakaran para sa pagprotekta ng iyong personal na impormasyon sa kalusugan. (Para sa impormasyong tungkol sa batas na pumoprotekta sa personal na impormasyon sa kalusugan sa Canada, tingnan ang initimang kahon sa "Pagsisiwalat bilang isang pasyente" sa seryeng ito).

### 3. Mayroon ba akong pwedeng gawin kung may ilang impormasyon sa aking record ng kalusugan na ayaw kong ibahagi sa ibang propesyonal sa kalusugan?

Sa karamihan ng mga sitwasyon, ang iyong impormasyon sa kalusugan ay maaari lang isiwalat nang may pahintulot mo — ngunit ang iyong pahintulot ay hindi palaging kailangang maging *tuwiran* (ibig sabihin, ipinahayag sa pagsasalita o pagsusulat). Ang mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan ay madalas na may-karapatan ipagpalagay na pinayagan mo ang pagbabahagi sa iyong personal na impormasyon sa kalusugan sa *iba pang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan* na kasama sa pangangalaga sa iyo. Ganito nila naibabahagi ang iyong impormsyon sa loob ng "circle of care" nang hindi na hinihingi ang iyong *tuwirang* pagpapahintulot. (Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang "Pagsisiwalat bilang isang pasyente" sa seryeng ito.) Sa ilang probinsya/teritoryo, ito ay totoo *maliban kung* sinabi mo sa iyong doktor na ayaw mong maibahagi ang iyong impormasyon (hal., ang iyong positibong HIV status) sa ibang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan.

Sa Ontario, halimbawa, ang salitang "lock box" ay ginagamit sa mga sitwasyon kung saan direkta mong sinabi sa isang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na huwag ibahagi ang iyong impormasyon sa iba, kahit pa kasama sila sa pangangalaga sa iyo. Kung hiniling mo ito pantungkol sa iyong positibong HIV status, samakatuwid ay hindi dapat isama ng iyong doktor ang impormasyong iyon sa mga record na ipapasa sa ibang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan.

Depende sa naaangkop na batas sa probinsya/teritoryo, baka masabi pa rin ng iyong doktor — o baka maobligahan pa rin ito — na sabihin sa ibang propesyonal sa kalusugan na mayroong mahalagang impormasyon sa pangangalaga sa iyo na hindi naisama sa nakabahagi mong record. Sa ganitong paraan, malalaman ng ibang propesyonal na may nawawalang mahalagang impormasyon at maaaring itanong ito nang direkta sa iyo.

Sa loob ng ospital, maaaring may mga ispesipikong prosesong nakatalaga. Kung ayaw mong magkaroon ng access sa partikular na impormasyon ang lahat ng miyembro sa

iyong medical team, maaaring kailanganin mong sumagot ng ispesipikong request form upang mapigilan ito. Maaaring magkakaiba ang prosesong ito sa iba-ibang institusyon.

Panghuli, sa ilang bibihirang sitwasyon, maaaring pahintulutan ng batas o iatas ng batas ang pagsisiwalat sa iyong impormasyon sa kalusugan *nang walang* pahintulot mo, upang mapigilan ang pinsala, upang protektahan ang kalusugan ng publiko, o, halimbawa, upang sumunod sa isang pag-uutos ng korte (tingnan ang nasa ibaba). Sa ganitong mga natatanging sitwasyon, dahil sinabi mo sa iyong doktor na huwag ibahagi ang iyong positibong HIV status ay hindi sapat na dahilan upang mapigilan ang pagbabahagi sa impormasyong iyon.

### 4. Sa ano-anong sitwasyon maaaring ibahagi ng isang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan ang aking impormasyon sa kalusugan *nang walang* pahintulot ko?

Bagama't ang mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan ay may etikal at legal na pananagutan upang panatilihin ang pagkakompidensyal at isiwalat lamang ang iyong personal na impormasyon sa kalusugan nang may pahintulot mo (tuwirang ipinahayag o ipinahiwatig), may ilang mga sitwasyon kung kailan pinahihintulutan ng batas o iniaatas ng batas na ibahagi ang iyong impormasyon sa kalusugan *nang walang* pahintulot mo.

Iba-iba ang batas sa bawat probinsya/teritoryo, ngunit narito ang ilang sitwasyon kung saan ang pagsisiwalat ng personal na impormasyon sa kalusugan ay maaaring maganap nang walang pahintulot mo.

- Kapag kinakailangan ang pagsisiwalat upang bigyan ka ng naaangkop na medikal na pangangalaga, ngunit imposibleng makuha ang iyong pahintulot nang napapanahon (hal., sitwasyon ng emergency).
- Kapag kinakailangan ang pagsisiwalat upang pigilan ang isang nalalapit at malaking panganib ng pinsala o upang protektahan ang pampublikong kalusugan.
- Kapag isinagawa ang pagsisiwalat sa isang tao na kumakatawan sa iyo (hal., isang taong may legal na karapatang magsagawa ng mga pasyang ukol sa pangangalagang pangkalusugan sa ngalan mo).
- Kapag kinakailangan ang pagsisiwalat para sa layunin ng mandatoryong pag-uulat (hal., ilang uri ng pag-uulat nga mga resulta ng pagsusuri sa HIV sa mga awtoridad ng pampublikong kalusugan — tingnan sa ibaba).
- Kapag kinakailangan ang pagsisiwalat upang maberepika ang iyong kwalipikasyong makatanggap ng pangangalagang pangkalusugan at mga kaugnay na serbisyo.
- Kapag kinakailangan ang pagsisiwalat para sa administrasyon, pagpaplano o pagtatasa ng isang programa sa pangangalagang pangkalusugan.
- Kapag kinakailangan ang pagsisiwalat upang makasunod sa isang warrant o iba pang pag-uutos ng korte.
- Kapag kinakailangan ang pagsisiwalat upang ipaalam sa ibang tao ang dahilan ng iyong pagkamatay, kabilang ang upang matulungan ang isang kamag-anak na makapagpasya tungkol sa kanilang sariling kalusugan.

- Kapag kinakailangan ang pagsisiwalat para sa layunin ng pagsasaliksik (may mga partikular na kondisyong umiiral para sa pagsisiwalat sa kontekstong ito).

### 5. Maaari bang ibahagi ng isang propesyonal sa kalusugan ang aking impormasyon sa kalusugan sa isa sa aking mga kamag-anak o kaibigan?

Sa karaniwan, kailangan ng mga propesyonal sa kalusuga ang iyong *tuwirang*pahintulot upang isiwalat ang iyong impormasyon sa kalusugan sa isang tao na *hindi* isang propesyonal sa kalusugan na kasama sa pangangalaga sa iyo. Ngunit, maaaring iba ang mga bagay pagdating sa iyong mga kamag-anak o mga tao kung kanino ka malapit.

Nag-iiba-iba ang batas sa bawat probinsya/teritoryo ngunti karaniwang *pinahihintulutan* ng batas ang mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na isiwalat (kahit papaano) ang impormasyong nauugnay sa iyong pisikal na presensya sa pasilidad, at ang iyong pangkalahatang kondisyon sa mga kamag-anak o iba pang malapit na kilala, maliban kung sabihin mo na ayaw mong sabihin ito sa kanila. Batay sa nakagawian, ang ibig sabihin ay maaaring sabihin ng ospital sa iyong ina na ikaw ay nasa ospital maliban kung sinabi mo nang direkta sa nurse na ayaw mong malaman ng iyong pamilya ang katotohanang iyon. Sa Quebec, hindi maaaring isiwalat ng mga propesyonal sa kalusugan ang anumang impormasyon tungkol sa iyong kalusugan sa mga kamag-anak mo maliban kung nagbigay ka ng pahintulot na gawin ito.

Tandaan na sa ilang hurisdiksyon, gaya ng sa Ontario at Manitoba, pinahihintulutan din ng batas ang ilang pangkalahatang impormasyon na maipalabas sa hindi kamag-anak at kaibigan. Kung ikaw ay nag-aalala na baka mangyari ito, sabihin sa iyong pasilidad na ayaw mong maisiwalat ang iyong impormasyon.

Panghuli, sa bawat hurisdiksyon, maaaring isiwalat ng isang propesyonal sa kalusugan ang iyong personal na impormasyon sa kalusugan kung kinakailangan ito upang mapigilan ang nalalapit na panganib ng malubhang pinsala. Samakatuwid, maaaring magkaroon ng karapatan ang isang doktor, sa ilang sitwasyon, na isiwalat ang iyong positibong HIV status sa iyong asawa o partner, kung naniniwala ang doktor na ang iyong partner ay nasa malapit na panganib ng malubhan pinsala (hal., kapag nakilahok ka sa isang mapanganib na sekswal na aktibidad nang hindi isinisiwalat ang iyong positibong HIV status).

### 6. Maaari ko bang ma-access ang aking mga record ng kalusugan?

Ang iyong personal na impormasyon sa kalusugan ay pag-aari mo. Kinikilala ng batas na pangkalusugan na mayroon kang karapatang magkaroon ng access sa iyong medikal na impormasyon, at dapat kang tulungan ng mga propesyonal sa kalusugan at dapat silang tumugon sa iyong kahilingan nang walang pagkakaantala. Maaaring kailanganin mong magpasa ng kahilingan nang nakasulat o sumagot ng isang partikular na form. Makipag-ugnayan sa iyong propesyonal sa kalusugan, o sa nauugnay na pasilidad sa pangangalagang pangkalusugan, upang malaman ang tungkol sa mga kabilang na pamamaraan.

Tandaan na, sa ilang bibihirang sitwasyon, ang isang propesyonal sa kalusugan o pasilidad ay maaaring hindi pumayag sa pag-access ng partikular na impormasyon sa iyong record, kabilang ang kapag:

- Malamang na makakapagpakita ito ng kompidensyal na impormasyon tungkol sa ibang indibidwal;
- Malamang na naghaharap ito na panganib sa pinsala (sa iyo o sa ibang indibidwal);
- Maibubunyag nito ang pagkatao ng isang third party na nagbigay ng impormasyon nang kompidensyal; o
- Maaari itong makasagabal sa imbestigasyong naaayon sa batas o sa pagpapatupad ng batas.

Kung hindi payagan ng isang propesyonal sa kalusugan ang pag-access sa impormasyon, dapat nilang ipaliwanag kung bakit at sabihin na may karapatan kang magharap ng reklamo laban sa naturang pasya, sa nauugnay na *komisyoner sa pagkapribado* (a.k.a., *ombudsman* o sa *tanggapan ng pagsusuri*) (tumingin sa ibaba para sa impormasyong tungkol sa mga reklamo).

## 7. Maaari ba akong magsagawa ng mga pagbabago sa aking medikal na record?

Hindi ka maaaring magsagawa ng mga pagbabago sa iyong mga medikal na record, ngunit maaari mong hilingin sa isang propesyonal sa kalusugan na itama o kumpletuhin ang iyong impormasyon kung sa tingin mo na ito ay hindi wasto o hindi kumpleto. Maaaring kailanganin mong isulat ang kahilingang ito.

Kung hindi ka masaya sa tugon ng isang propesyonal sa kalusugan ukol sa pagtatama sa iyong medikal na record, maaari kang magharap ng reklamo sa nauugnay na komisyoner sa pagkapribado.

## 8. Sino ang makakaalam sa aking HIV status kapag nagpasuri ako para sa HIV?

Kapag nagpasuri ka para sa HIV, ang mga resulta ay malalaman ng taong sumuri sa iyo at nagbigay sa iyo ng impormasyon tungkol sa mga resulta, pati na rin ng laboratoryong sumuri sa iyong dugo. Depende sa uri ng pagsusuri, maaaring hindi naman matukoy ang iyong pangalan. Kapag nagpasuri ka sa HIV sa pamamagitan ng inyong pampamilyang doktor, malamang ay malalaman din nila ang iyong mga resulta.

Ang HIV at AIDS ay mga sakit na maaaring iatas ng batas ang pag-uulat, sa lahat ng probinsya at teritoryo ng Canada. Ang ibig sabihin nito, kapag ang indibidwal ay positibo sa HIV, ang resulta ay iniuulat din sa *mga pamprobinsya o panteritoryong awtoridad sa pampublikong kalsugan*. Ang uri ng impormasyon na iniuulat sa pampublikong kalusugan, at malaman na naitatago sa database ay nagdedepende sa batas at nakagawian

sa isang probinsya o teritoryo. Sa Ontario, halimbawa, kapag kumuha ka ng *nominal (batay sa pangalan)* na pagsusuri, iuulat ng laboratoryong nagsuri ang iyong positibong HIV status, ang iyong pangalan, petsa ng kapanganakan, kasarian, at impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa pampublikong kalusugan. Kapag nagpasya kang magpasuri *sa HIV nang hindi nakikilala (anonymous)*, ang resulta lang ng pagsusulat at impormasyong hindi nakakatukoy sa pagkatao ang iuulat sa pampublikong kalusugan, at walang iba maliban sa sarili mo ang makakaalam na nagpasuri ka sa HIV. (Ngunit, kapag nangailangan ka ng medikal na pag-aalaga para sa HIV, ang iyong pangalan ay iuulat sa pampublikong kalusugan). Sa kasamaang palad, hindi umiiral ang anonymous na pagpapasuri sa buong bansa. Sa mga hurisdiksyon na walang anonymous na pagpapasuri, maaari kang magpakuha ng *hindi nominal na pagsusuri (hindi batay sa pangalan)*, kung saan ipinapadala ang sample ng iyong dugo sa isang laboratoryo, na mayroong inisyal mo lamang o isang code at ang iyong pangalan ay hindi iuulat sa pampublikong kalusugan. Upang malaman ang tungkol sa mga opsyon para sa iyo, makipag-ugnayan sa iyong lokal na organisasyong naghahatid-serbisyo sa AIDS o sa kagawaran ng pampublikong kalusugan.

Panghuli, mahalagang malaman na ang mga awtoridad ng pampublikong kalusugan ang may-pananagutan sa pagprotekta ng pampublikong kalusugan at pagpigil sa pagpapasa ng mga impeksyon, kasama na ang HIV. Kung ang tao ay masuri bilang positibo sa HIV, ipapaalam ito ng pampublikong kalusugan ang iyong mga sekswal na partner at mga partner sa paggamit ng ipinagbabawal na gamot. Ito ay tinatawag na contact-tracing, pagpapayo sa partner, o pagbibigay-notipikasyon sa partner. Ang mga kapangyarihan ng mga awtoridad sa pampublikong kalusugan ay iba-iba sa bawat probinsya/teritoryo.

### 9. Sino ang may access sa aking HIV status kapag positibo ang aking resulta? Saan naka-record ang aking mga resulta?

Ang mga resulta ng iyong pagsusuri at iba pang impormasyong tungkol sa iyong positibong HIV status ay sasama sa mga record na ginawa ng mga propesyonal sa kalusugan at mga pasilidad na nakakolekta sa impormasyong iyon (hal., ang iyong doktor, dentista, kung magpapasya kang sabihin sa kanila). Ngayon, karaniwang iniimbak ng mga propesyonal sa kalusugan ang impormasyon sa electronic na paraan.

Maliban sa mga record ng kalusugan na pinanghahawakan ng mga provider ng pangangalagang pangkalusugan, ang impormasyon tungkol sa iyong HIV status (hal., mga resulta ng laboratoryo o mga resetang may-kaugnayan sa HIV) ay maaaring kasama rin sa mga naka-centralize na database at nakabahaging mga electronic na record sa maaaring ma-access ng iba-ibang propesyonal sa kalusugan sa loob ng isang probinsya. Ang mga Electronic Health Record (EHRs) at naka-centralize na database ay ginagawa na ngayon sa buong Canada upang maipagsama-sama ang impormasyon sa kalusugan ng mga pasyente. Bagama't ang ganitong mga record ay ituring na pagpapahusay sa pangangalaga dahil sa pagbibigay-daan sa mga propesyonal sa kalusugang kasama sa pangangalaga sa iyo na madali at mabilis na makita ang iyong impormasyon sa kalusugan, ito ay naghaharap din ng mabigat na hamon pagdating sa pagprotekta sa pagkapribado. Ginagawa nilang komplikado ang kakayahan ng indibidwal na kontrolin

kung anong impormasyon sa kalusugan ang maaaring ma-access at nino, na nagpapahirap sa pagbibigay-pahintulot sa pag-access na iyon at sa pagtanggap ng garantiya na mga *awtorisadong* propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan (ibig sabihin, iyong mga direktang kalahok sa pangangangalaga sa tao) lamang ang makakakita ng nauugnay na impormsyon. Kabilang sa mga umiiral nang EHR at iba pang naka-centralize na database angOntario Laboratories Information System, Alberta Netcare, PharmaNet in B.C., at ang Quebec Health Record.

## 10. Maaari ko bang limitahan ang pag-access sa aking impormasyon sa kalusugan kapag kasama ito sa naka-centralize na database o mga EHR?

Maaaring wala sa iyo ang karapatang tanggihan ang paglalagay ng iyong impormasyon sa naka-centralize na database o mga EHR. Ngunit, maaari mong paghigpitan ang pag-access o itago ang iyong impormasyon sa ilang pagkakataon. Halimbawa, maaari mong paghigpitan ang pag-access sa iyong impormasyon sa database ng PharmaNet, B.C. para sa paggamit ng resetang gamot, sa pamamagitan ng pagsasabi sa pharmacist na magsama ng keyword sa iyong record na ang mga propesyonal lang sa pangangalagang pangkalusugan na nakakaalam sa keyword na iyon ang makakakuha ng access. Sa Alberta, maaari mong itago ang impormasyon sa kalusugan na nakaimbak sa Netcare sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan kalahok na provider sa serbisyong pangkalusugan, na maaaring makatulong sa iyong tapusin ang kahilingan at isumite ang application sa ngalan mo.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagprotekta sa impormasyong nauugnay sa iyong positibong HIV status, makipag-ugnayan sa B.C. Civil Liberties Association, o sa HIV & AIDS Legal Clinic Ontario (HALCO). Ang mga komisyoner sa pagkapribado sa probinsya ay dapat maaari ring makapagbigay sa iyo ng impormasyon tungkol sa proteksyon ng impormasyon sa kalusugan na nasa mga electronic na record at database. Panghuli, maraming mga pasilidad sa pangangalagang pangkalusugan ay may mga patakarang nakatalaga upang maprotektahan ang pagkapribado, at ang mga miyembro ng staff na may-pananagutan tungkol sa mga isyung ukol sa pagkapribado. Dapat ay masabi sa iyo ng mga indibidwal na ito kung paano mapaghihigpitan ang pag-access sa iyong impormasyon sa kalusugan na kasama sa mga nakabahaging mga record ng kalusugan at database, kung gusto mo.

## 11. Ano ang maaari kong gawin kapag sinira ng isang propesyonal sa kalusugan ang aking pagkapribado?

Kung naniniwala ka na nasira ang iyong pagkapribado ng isang propesyonal sa kalusugan, mayroong kang ilang opsyon.

- Una, maaaring gustuhin mong talakayin ang isyu nang direkta sa mismong propesyonal sa kalusugan o sa naturang pasilidad. Ang mga pasilidad na pangkalusugan, gaya ng mga ospital, ay karaniwang mga mga miyembro ng staff na may-pananagutan sa mga isyung ukol sa pagkapribado.

- Maaari ka ring magharap ng reklamo sa isang komisyoner sa pagkapribado. Ang mga komisyoner (o ombudsmen) ay karaniwang may kapangyarihang mag-imbestiga at gumawa ng mga panuntunan tungkol sa mga reklamo. Malaman na maaaring may deadline ang paghaharap ng reklamo. Kung nakatira ka sa Prince Edward Island, Nunavut, Northwest Territories o sa Yukon, at gusto mong magharap ng claim laban sa isang doktor na pribado ang practice o ba pang pribadong health provider (sa halip na sa isang pampublikong komite gaya ng isang pampublikong ospital, halimbawa), kakailanganin mong makipag-ugnayan sa tanggapan ng *Privacy Commissioner of Canada.* Sa lahat ng iba pang sitwasyon, kailangan mong makipag-ugnayan sa komisyoner sa pagkapribado (o ombudsman) para sa iyong probinsya/teritoryo.
- Para sa mga reklamong nauugnaya sa mga EHR ( o naka-centralize na database), baka may ispesipikong pamamaraan na nakatakda para rito. Halimbawa, sa Quebec, ang mga reklamong tungkol sa Quebec Health Record ay maaaring idirekta sa isang ahenteng nakatalaga sa central coordination database.

Tandaan na ginagawang kasalanan ng mga probinsyal na batas na tiyak na pumoprotekta sa impormasyon sa kalusugan ang mangolekta nang hindi lingid sa kaalaman o nang sinadya, gamitin o gumawa ng impormasyon sa kalusugan na kumokontra sa batas. Ang iba pang sala at nauugnay na parusa ay maaaring makita sa ilalim ng bawat batas, o sa iba pang batas na patungkol sa pagkapribado. Para sa karagdagang impormasyon, kailangan mong sumangguni sa naaangkop na batas, kung mayroon man, sa iyong probinsya/teritoryo.

## 12. Maaari ko bang sampahan ng kaso ang isang propesyonal sa kalusugan o pasilidad na pangkalusugan dahil sa pagsira sa aking pagkapribado?

Depende kung saan ka nakatira. Apat na probinsya (B.C., Manitoba, Saskatchewan, at Newfoundland and Labrador) ang may mga batas sa pagkapribado (isang Privacy Act) na nagbibigay-daan sa iyong maghabla ng tao na sumira sa iyong pagkapribado. Ang mga batas na ito ay nangangailangan ng pruweba na ang tao ay sinadyang sirain ang iyong pagkapribado (maliban sa Manitoba), at walang legal na dahilan upang gawin iyon. Hindi mo kakailanganing patunayan na ikaw ay dumanas sa paghihirap bilang resulta ng paglabag sa pagkapribadong ito upang magtagumpay. Maaari kang makatanggap ng bayad-pinsala kung manalo ka sa kaso.

Sa Quebec, maaari kang magsampa ng kaso na nagpapahayag sa paglabag sa iyong pagkapribado at makakuha ng bayad-pinsala batay sa *Quebec Civil Code* at sa *Quebec Charter of Human Rights and Freedoms*. Kung ikaw ay nakatira sa ibang probinsya o teritoryo, magiging mas mahirap ang paghaharap ng kaso sa korte pang makakuha ng bayad-pinsala. Ang batas tungkol dito ay hindi pa tiyak at nagbabago pa rin.

Ang pangunahing bentahang mayroon ka dahil sa pagpunta sa korte ay ang maaari kang makatanggap ng perang kabayaran kung maging matagumpay ang kaso mo (ngunit maaaring maliit lang ang halaga). Ngunit maaaring maging mahal ang pagsasampa ng

kaso, komplikado at matagal, at maaaring sa panghuli ay hindi rin makakapagbigay sa iyo ng lunas. Higit pa rito, maaari ka pa nilang ilantad para sa karagdagang publisidad. Tandaan na may mga hanggan din ng panahon na nag-iiba-iba, depende sa probinsya/teritorya, na naghihigpita sa tagal ng panahong maaaring pagsamantalahan upang maglunsad ng kaso pagkatapos ng nasabang paglabag. Panghuli, kung magpasya kang magsampa ng kaso, dapat ay pinangangatawanan ka ng isang abogado. Maaari ring magbigay ng impormasyon tungkol sa iyong mga opsyon ang isang abogado.

## Para sa karagdagang impormasyon

British Columbia Civil Liberties Association, *Privacy Handbook*. May impormasyong tungkol sa mga Electronic Health Record (EHRs) at ang kanilang pagsulong sa Canada. On-line: http://bccla.org/privacy-handbook/

Ang mga pamprobinsya/panteritoryong website ng gobyerno ay nagbibigay ng impormasyon, mga dokumento sa Q&A at mga polyeto tungkol sa mga batas na pumoprotekta sa impormasyon sa kalusugan. Tingnan, halimbawa ang, *Saskatchewan Health Information Protection Act* (http://www.health.gov.sk.ca/hipa), o ang *Ontario Health Information Protection Act* (www.health.gov.on.ca > Batas).

Malaki ang aming pasasalamat kina Micheal Vonn (BCCLA), Liz Lacharpagne (COCQ-SIDA), Renée Lang (HALCO) at Maude Perras (isang abogadong nasa private practice), para sa pagsusuri at pagbibigay ng impormasyon sa polyetong ito.

**Ang impormasyong nasa lathalang ito ay impormasyong tungkol sa batas, ngunit ito ay hindi legal na pagpapayo. Para sa legal na pagpapayo, mangyaring makipag-ugnay sa isang abogado sa iyong rehiyon.**

Ang dokumentong ito ay nagsimula bilang isa sa serye ng walong polyeto (sa English at French), ukol sa mga karapatan ng mga taong may HIV sa Canada.

Ang mga kopya ng dokumentong ito ay makukuha sa website ng Canadian HIV/AIDS Legal Network sa www.aidslaw.ca. Hinihikayat ang paggawa ng mga kopya, ngunit hindi maaaring ibenta ang mga kopya, at dapat banggitin ang Canadian HIV/ AIDS Legal Network bilang pinagmulan ng impormasyon. Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnay sa Legal Network sa info@aidslaw.ca.

**Ang pondo upang mailimbag ang mga naunang bersyon ng dokumentong ito sa English at French ay nagmula sa Public Health Agency of Canada. Ang pondo para sa pagsasalin nito ay ibinigay ng Ontario Ministry of Citizenship and Immigration. Ang mga opinyong naipayahag ay mula sa mga may-akda/tagasaliksik at hindi nangangahulugan na ito ay mga pananaw o patakaran ng mga nagbibigay ng pondo.**

© Canadian HIV/AIDS Legal Network, 2013